



Anchored in Christ The Savior Church

Main Hall, Rivers Bahrain, Saar

+973 6673 6050 | actschurch.bh@gmail.com

FB/IG: [actschurch.bh](https://www.facebook.com/actschurch.bh) | YT: [ACTS.church](https://www.youtube.com/channel/UC...)

GOD'S LAW & GOD'S SON

ANG MGA KAUTUSAN NG DIYOS AT ANG ANAK NG DIYOS

ANG SAMPUNG UTOS NG DIYOS

EXODO 20

Una

(vss. 2-3) “Ako ang PANGINOON na inyong Dios na naglabas sa inyo sa Egipto kung saan kayo inalipin. Huwag kayong sasamba sa ibang mga dios maliban sa akin.

Ikalawa

(vss. 4-5) “Huwag kayong gagawa ng mga dios-diosan na anyo ng anumang bagay sa langit, o sa lupa, o sa tubig.
⁵ Huwag ninyo itong paglilingkuran o sasambahin,”

Ikatlo

(v. 7a) “Huwag ninyong gagamitin ang pangalan ko sa walang kabuluhan.”

Ikaapat

(v. 8) “Alalahanin ninyo ang Araw ng Pamamahinga, at gawin ninyo itong natatanging araw para sa akin.”

Ikalima

(v. 12a) “Igalang ninyo ang inyong ama’t ina.”

Ikaanim

(v. 13) “Huwag kayong papatay.”

Ikapito

(v. 14) “Huwag kayong mangangalunya.”

Ikawalo

(v. 15) “Huwag kayong magnanakaw.”

Ikasiyam

(v. 16) “Huwag kayong sasaksi ng hindi totoo sa inyong kapwa.”

Ikasampu

(v.17) “Huwag ninyong pagnanasahan ang bahay ng inyong kapwa, o ang kanyang asawa, mga alipin, mga hayop, o alin mang pag-aari niya.”

MGA KATURUAN NG BAGONG TIPAN

Lucas 14:26

“Ang sinumang nais sumunod sa akin, pero mas mahalaga sa kanya ang kanyang ama at ina, asawa at mga anak, mga kapatid at maging ang kanyang sarili ay hindi maaaring maging tagasunod ko. (Una)

Mga Gawa 19:26

Nakita ninyo at narinig ang ginagawa ng taong si Pablo. Sinasabi niya na ang mga dios na ginagawa ng tao ay hindi totoong mga dios. (Ikalawa)

Mateo 6:9

Kaya manalangin kayo ng katulad nito: ‘Ama naming nasa langit, sambahin ang pangalan ninyo. (Ikatlo)

Mateo 19:19a

“... igalang mo ang iyong ama at ina, ...” (Ikalima)

Mateo 19:18a

Sumagot si Jesus, “Huwag kang papatay” (Ikaanim)

I Juan 3:15a

Ang sinumang napopoot sa kanyang kapatid ay isang mamamatay-tao, ...” (Ikaanim)

Mateo 19:18b

Sumagot si Hesus, “huwag kang mangangalunya” (Ikapito)

Mateo 5:28

Ngunit sinasabi ko sa inyo na ang tumingin lang sa isang babae nang may masamang pagnanasa ay nagkasala na ng pangangalunya sa kanyang isip. (Ikapito)

Mateo 19:18c

Sumagot si Hesus, “... huwag kang magnanakaw,” (Ikawalo)

Mateo 19:18d

Sumagot si Jesus, “huwag kang sasaksi ng kasinungalingan,” (Ikasiyam)

1 Corinto 6:10

.... Sapagkat kailanma’y hindi magmamana ng kaharian ng Dios ang mga ... sakim, ... (Ikasampung)

ANG SAMPUNG UTOS NG DIYOS

- **May dalawang pangunahing utos.**

Mateo 22:37-38; Deuteronomio 6:5

Sumagot si Jesus, "Mahalin mo ang Panginoon mong Dios nang buong puso, nang buong kaluluwa, at nang buong pag-iisip.' Ito ang pinaka-mahalagang utos sa lahat."

MAHALIN ANG DIYOS | KAPWA

(Una hanggang Ikaapat na mga Kautusan)

(Ikalima hanggang Ikasampu na mga Kautusan)

Mateo 22:39; Levitico 19:18

At ang ikalawang pinakamahalagang utos ay katulad din nito: 'Mahalin mo ang iyong kapwa katulad ng pagmamahal mo sa iyong sarili.'

Mateo 22:40

Ang buong Kautusan ni Moises at ang mga isinulat ng mga propeta ay nakasalalay sa dalawang utos na ito.

- **Bawat utos ay magkakaugnay.**

Santiago 2:10

Ang tumutupad sa buong Kautusan pero lumabag sa isa sa mga ito ay lumabag na rin sa buong Kautusan.

1 Juan 4:20

Ang nagsasabing mahal niya ang Dios ngunit napopoot naman sa kanyang kapatid ay sinungaling. Dahil kung ang kapatid niya mismo na nakikita niya ay hindi niya mahal, paano pa kaya niya magagawang mahalin ang Dios na hindi naman niya nakikita?



TAYONG LAHAT AY MAKASALANAN

- **Lahat tayo ay ipinanganak na makasalanan.**

Mga Awit 51:5

Ako'y makasalanan at masama mula pa noong ako'y isinilang, kahit noong ipinaglililihi pa lang ako.

- **Lahat tayo ay nasumpungan na nagkasala**

Roma 3:23

Sapagkat ang lahat ay nagkasala at hindi naging karapat-dapat sa paningin ng Dios.

**KARANIWANG
TAONG MORTAL**

DIOS

Kasalanan



TAYONG LAHAT AY PATUNGO SA WALANG HANGGANG KAPARUSAHAN

Roma 6:23a

Sapagkat ang kabayaran ng kasalanang ay kamatayan, ...

Lucas 13:27b-28a

"Hindi ko kayo kilala. Lumayo kayo sa akin, kayong lahat na gumagawa ng masama!" liyak kayo at magngangalit ang inyong ngipin, ..."

TAYO AY HINDI MALILIGTAS SA ALIN MANG MGA SUMUSUNOD NA PAMAMARAAN

• Mga Mabuting Gawa

Efeso 2:8-9

Dahil sa biyaya ng Dios, naligtas kayo nang sumampalataya kayo kay Cristo. Kaloob ito ng Dios, at hindi galing sa inyo. Hindi ito nakasalalay sa mabubuti ninyong gawa, para walang maipagmalaki ang sinuman.

• Relihiyon

Juan 3:3

Sumagot si Jesus, “Sinasabi ko sa iyo ang totoo, hindi mapapabilang sa kaharian ng Dios ang hindi ipinanganak na muli.”

• Anghel

Mga Hebreo 1:13a

Kailanma’y hindi sinabi ng Diyos sa sinumang anghel, “Maupo ka sa kanan ko, ...”

• Karaniwang taong mortal

Lucas 1:46-47

At sinabi ni Maria, “Ang puso ko’y nagpupuri sa Panginoon, at ang aking espiritu’y nagagalak sa Diyos na aking Tagapagligtas,

**KARANIWANG
TAONG MORTAL**

DIOS

Mga Mabuting gawa
Relihiyon
Anghel
Karaniwang taong mortal



TAYO AY MALILIGTAS LAMANG SA PAMAMAGITAN NI HESUKRISTO



• Si Hesukristo ay namatay para sa atin

Roma 5:8

Pero ipinakita ng Dios sa atin ang kanyang pag-ibig sa ganitong paraan: Kahit noong tayo'y makasalanan pa, namatay si Cristo para sa atin.

• Si Hesukristo ay biyaya ng Diyos para sa ating kaligtasan

Juan 3:16

"Sapagkat ganito ang pag-ibig ng Dios sa mga tao sa sanlibutan: Ibinigay niya ang kanyang Bugtong na Anak, upang ang sinumang sumasampalataya sa kanya ay hindi mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.

• Si Hesukristo ang tanging daan patungo sa Diyos

Juan 14:6

Sumagot si Jesus, "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makakarating sa Ama kung hindi sa pamamagitan ko.

TAYO AY DAPAT NA MAGSISI AT SUMAMPALATAYA KAY HESUKRISTO

• Magsisi

Mga Gawa 3:19

Kaya ngayon, kailangang magsisi na kayo at lumapit sa Dios, para patawarin niya ang inyong mga kasalanan,

• Sumampalataya

Mga Gawa 16:31

Sumagot sila, "Sumampalataya ka sa Panginoong Jesus at maliligtas ka at ang iyong pamilya."

• Ipahayag at Sumampalataya

Roma 10:9

na kung ipapahayag mo na si Jesus ay Panginoon at sasampalataya ka nang buong puso na muli siyang binuhay ng Dios, maliligtas ka.



ANG MATAPAT MONG MGA KASAGUTAN

Naintidihan mo ba ang aking mga pahayag?



___ "Oo."

___ "Hindi lahat. Pakipaliwanag."

Mayroon ka bang ilang katanungan?

Kung ang lahat ay maliwanag na,

- ___ 1. inaamin mo ba na ikaw ay isang makasalanan?
- ___ 2. pinagsisisihan mo ba ang iyong mga kasalanan?
- ___ 3. naniniwala ka ba na si Hesukristo ay namatay para sa iyong mga kasalanan?
- ___ 4. nais mo bang tanggapin si Hesukristo bilang Panginoon at Tagapagligtas?

Ano ang iyong desisyon?



___ 1. "Oo."

___ 2. "Hintay, mayroon pa akong katanungan."

___ 3. "Bigyan mo ako ng pagkakataon na pag-isipan pa."

___ 4. "Hindi."

PANALANGIN NG PAGTANGGAP

“Panginoong Jesus, inaamin ko na ako ay makasalan at hindi ko kayang iligtas ang aking sarili. Nagsisisi ako sa aking mga kasalan at lumalapit ako sa Inyo. Naniniwala ako na Kayo ay namatay para sa akin at muling nabuhay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Pumasok po kayo sa aking puso, maging Panginoon at Tagapagligtas ng aking buhay. Mula ngayon, nais kong sumunod sa Inyo at mabuhay ayon sa Inyong kalooban. Salamat po sa Inyong pag-ibig at kaligtasan. Amen.”

Juan 1:12

“Ngunit ang lahat ng tumanggap at sumampalataya kay Hesukristo ay binigyan Niya ng karapatang maging mga anak ng Diyos.”

MGA HAKBANG SA PAGLAGONG ESPIRITWAL

1. Magbasa ng Salita ng Diyos Araw-araw
2. Manalangin Araw-araw
3. Sumali sa ACTS Church
4. Sumunod kay Jesus bilang Panginoon
5. Ibahagi ang Iyong Pananampalataya

